

PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ  
**4 LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON - B**

01/29/2012

**MAAARING AWIT SA PAGTITIPON**

Bayan, Magsiawit na! ..... Arnel Aquino SJ  
 Bayan, Umawit ..... Silvino Borres Jr SJ, Baltazar, M. Francisco SJ  
 Buksán ang Aming Puso ..... E. Hontiveros SJ  
 Halina at Lumapit ..... Habito  
 Halina't Umawit ..... Flores, Villaroman  
 Purihin ang Panginoón ..... Danny Isidro SJ and Fruto Ramirez SJ

**Panginoón, Kaawaan Mo Kami**

*Andante* (♩ = c. 90)

Dm A

Pan-gi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no -

4 Dm D Gm

on, ka-a-wa-an mo ka-mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no -

8 Dm A Dm C F

on, ka-a-wa-an mo ka - mi. Kris-to, ka-a-wa-an mo ka - mi,

12 A Dm Gm Dm A

Kris-to, ka-a-wa-an mo ka-mi, Kris-to, Kris-to, Kris-to \_\_\_\_\_ ka-a-wa-

17 D

an mo ka-mi. \_\_\_\_\_ *rit. pp* Pan-gi-no - on, ka-a-wa-an mo ka-

21 A *a tempo* *mf* D G

mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, ka-a-wa-an mo ka-mi, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no -

25 D A *rit.* D

on, \_\_\_\_\_ Pan-gi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi.

# Litúrhiya ng Salitâ

**UNANG PAGBASA**..... Deuteronomo 18:15-20

Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

Sinabi ni Moises sa mga tao:

“Mula sa inyo,

pipili ang Panginoon ng propetang tulad ko,  
siya ang inyong pakikikingan.

Ito’y katugunan sa hiling ninyo sa Panginoon  
nang kayo’y nagkatipon sa Horeb.

Ang sabi ninyo,

‘Huwag mo nang iparinig uli sa amin ang tinig ng Panginoon  
ni ipakita pa ang kakilakilabot na apoy na ito  
pagkat tiyak na mamamatay kami’

Sinabi naman niya sa akin,

‘Tama ang sabi nila,

kaya pipili ako ng propetang tulad mo.

Sa kaniya ko ipasasabi ang ibig kong sabihin sa kanila.

Sinumang hindi makinig sa kaniya ay mananagot sa akin.

Ngunit tiyak na mamamatay ang propetang mangangahas  
magsalita sa pangalan ko

nang hindi ko pinahihintulutan

o magsalita sa pangalan ng alinmang diyus-diyusan.’

” Ang Salita ng Diyos!

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society

## TUGÓN SA SALMO

Panginoó’y inyong dinggin, huwag n’yo s’yang salungatin!

**SALMO:** Salmo 95:1-2, 6-7a, 7b-9

Babasahin/aawitin ni

Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoón, siyá ay awitan,  
ating papurihan ang batong kublihan nati’t kalakasan.  
Tayo ay lumapit, sa kaniyang harapan na may pasalamat;  
siyá ay purihin, ng mga awiting may tuwa at galak.

Tayo ay lumapit, sa kaniyá’y sumamba at magbigay-galang,  
lumuhod sa harap nitong Panginoóng sa ati’y lumalang.  
Siyá ang ating Diyós, tayo ay kalinga niyang mga hirang,  
mga tupa tayong inaalagaan.

Ang kaniyang salita ay ating pakinggan:

“Iyang inyóng puso’y huwag patigasin,  
tulad ng ginawa ng inyóng magulang nang nasa Meriba,  
sa ilang ng Masa.

Akó ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyóng magulang,  
bagamat nakita ang aking ginawang silá’ng nakinabang.”

**IKALAWÁNG PAGBASA** ..... 1 Taga-Corinto 7:32-35

Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto  
Mga kapatid:

Ibig ko kayong malayo sa mga alalahanin sa buhay.  
Ang pinagsusumakitan ng lalaking walang asawa  
ay ang mga gawain ukol sa Panginoon,  
sapagkat ibig niyang maging kalugud-lugod sa Panginoon.  
Ngunit ang pinagsusumakitan ng lalaking may asawa  
ay ang mga bagay ng sanlibutang ito,  
sapagkat ibig niyang makapagbigay-lugod sa kanyang asawa.  
Dahil dito’y hati ang kanyang pagmamalasakit.  
Gayon din naman,  
ang pinagsisikapan ng dalaga o babaing walang asawa  
ay ang mga bagay na ukol sa Panginoon  
sapagkat ibig niyang maitalaga nang lubusan  
ang sarili sa paglilingkod sa Panginoon.  
Subalit ang iniintindi ng babaing may-asawa  
ay ang mga bagay ng sanlibutang ito  
sapagkat ibig niyang makapagbigay-lugod sa kanyang asawa.  
Sinasabi ko ito upang tulungan kayo.  
Hindi ko kayo hinihigpitan;  
ang ibig ko’y madala kayo sa maayos na pamumuhay,  
at nang lubusan kayong makapaglingkod sa Panginoon.  
Ang Salita ng Diyos!

Magandáng Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society

**MABUTING BALITA**..... Marcos 1:21-28

Ang Mabuting Balita ng Pangi noon ayon kay San Marcos  
Panginoon!

Noong panahong iyon,  
si Hesus at ang mga alagad ay nagpunta sa Capernaum.  
Nang sumunod na Araw ng Pamamahinga  
ay pumasok si Hesus sa sinagoga at nagturo.  
Namangha ang mga tao  
sapagkat nagturo siya sa kanila na parang isang may kapangyarihan,  
at hindi tulad ng mga eskriba.  
Bigla namang pumasok sa sinagoga  
ang isang lalaking inaalihan ng masamang espiritu,  
at sumigaw: “Ano ang pakialam mo sa amin,  
Hesus na taga-Nazaret?  
Naparito ka ba upang puksain kami?  
Kilala kita: ikaw ang Banal na mula sa Diyos!”  
Ngunit iniutos ni Hesus sa masamang espiritu,  
“Tumahimik ka!  
Lumabas ka sa kanya!”  
Pinapangisay ng masamang espiritu ang tao,  
at sumisigaw na lumabas.  
Nanggilalas ang lahat,  
kaya’t sila’y nagtanungan,  
“Ano ito?  
Bagong aral?  
Nauutusan niya pati ang masasamang espiritu.  
At sinusunod naman siya!”  
At mabilis na kumalat sa buong Panginoon’y inyong dinggin,  
h’wag Galilea ang balita tungkol kay Hesus.  
Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**HOMILYA****PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ****PANALANGIN NG BAYAN**

- . . Para sa Simbahan
- . . Para sa mga Kinaúukulan
- . . Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- . . Para sa mga Dumaló sa Misang Itó

# *Litúrhiyá ng Eukaristiya*

**MAAARING AWIT SA PAG-AALAY**

Panalangin sa Pagiging Bukás-Palad .....	Arboleda and M. Francisco SJ
Awit (Salmo) 116 .....	Victor Eclar Romero
Narito Akó .....	René San Andrés
Narito Akó, Panginoón .....	Nemy Que SJ
Panalangin sa Pagiging Bukás-Palad .....	Arboleda and M. Francisco SJ

## Santo, Santo, Santo

**Moderato** (♩ = c. 120)

D A Em A Em A

San - to, san - to, san - tong Pangi-no - ong D'yos ng

7 ma - nga huk - bo! Na - pu - pu - no ang la - ngit at

Em A D G D

13 lu - pa ng 'yong ka - da - ki - la - an! O - sa - na sa ka - i - ta - a -

Em A D % Em A

20 san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san! Pi - nag - pa - la ang na - pa - ri -

D Em A D G

27 ri - to sa nga - lan ng Pangi - no - on! O - sa - na sa

D Em A D

34 ka - i - ta - a - san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san! *D.S. al Fine*

## PAGBUBUNYING PANG-ALAALA

## Sa Krus Mo at Pagkabuhay

Andante (♩ = c. 90)

The musical score is written in treble clef with a key signature of one sharp (F#) and a common time signature (C). The tempo is marked 'Andante' with a quarter note equal to approximately 90 beats per minute. The melody is accompanied by chords: D, Em, A, D, G, D, D, A, and D. The lyrics are in Tagalog and describe the crucifixion and resurrection of Jesus.

Sa krus mo at pag - ka - bu - hay ka -  
 mí'y na - tu - bos mong tu - nay, Po - óng He - sus na -  
 ming ma - hál, i - lig - tás mo ka - ming ta - nán nga -  
 yón at mag - pa - kai - lan - mán.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrihyá sa Tagalog.  
 Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero.

## DAKILANG AMEN

Victor Eclar Romero

Andante (♩ = c. 98)

The musical score is written for Soprano (S) and Alto (A) voices in treble clef, and Tenor (T) and Bass (B) voices in bass clef. The key signature is C major and the tempo is 'Andante' with a quarter note equal to approximately 98 beats per minute. The chords are C, G/B, F, C/E, F, G, and C. The lyrics are 'A - men, A - men, A - - - - men!'.

A - men, A - men, A - - - - men!

Tugtugin © 2011 Victor Eclar Romero. All rights reserved. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)

PANALANGIN NG PANGINOÓN.....

## KORDERO NG DIYÓS

## Kordero ng Diyos

Moderato (♩ = c. 100)

D A D/F# D G

Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G D/F# G D

7 la-nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

G A D Bm G

14 — Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

A D Bm G D/A G D

20 la - nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

D A D/F# D G

27 — Kor-de-ro ng D'yos na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G A D Bm

33 lanan ng san-li-bu - tan, i - pag-kalo-ob mo sa a - min

G D/F# G D

40 ang — ka - pa - ya - pa - - - an.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrihyá sa Tagalog.  
Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com

## MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Amá Kong Mahál ..... Arnel Aquino SJ  
Awit ng Paghilom ..... Arnel Aquino SJ  
Awit (Salmo) 063: Awit ng Paghahangád ..... Charlie Cenzone SJ  
Awit (Salmo) 063 ..... Victor Eclar Romero  
Dakilang Pag-ibig ..... Pangilinan and E. Hontiveros SJ  
Sa 'Yong Piling ..... Castro and Villaroman

## MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

O Bayan ng Diyós ..... Aquino

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».  
Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin  
kay G. JR Medina ng Parokya ng « Kaliníslinisang Paglililihi kay Maria » sa Vista Verde, Caintâ, Rizal  
at sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

4 Linggó sa Karaniwang Panahón - B | 01/29/2012 | Leksyonaryo 71 | Gulóng B  
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. [www.bible.org.ph](http://www.bible.org.ph)  
Litúrhiya. Filipino. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)